

# Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Ang estilo ng pamumuhay ng mga tao ay binabago ng mga bagong tuklas at makabagong teknolohiya. Nakakaapekto ang mga pagbabagong ito sa isang pamilya.

Kailangang makaangkop ang mga pamilya ngayon sa mga bagong teknolohiya gaya ng telebisyon, telepono, *computer* at iba pa. Kailangan ding makipag-ugnayan ang pamilya sa nagbabagong sitwasyon ng ekonomiya. Isang halimbawa, ang magulang ay kailangang iwanan ang kaniyang pamilya nang ilang panahon upang magtrabaho sa ibang bansa. Sa iba naman, ang buong pamilya ay dapat magpalipat-lipat ng lugar.

Paano naman ang mga kababaihan sa lugar na kanilang pinagtatrabahuhan? Ang ibang kababaihan ay hindi na tumitira sa bahay at nananatiling may-bahay. Sa ngayon, parami nang parami ang mga kababaihang nasa negosyo at politika. Ilan lamang ang mga ito sa mga pagbabagong nagaganap ngayon na nakakaapekto sa mga pamilya.

Makakatulong ang modyul na ito upang iyong maintindihan ang mga pagbabagong ito. May tatlong aralin ang modyul na ito:

Aralin 1 — *Ang Pamilya Ngayon*

Aralin 2 — *Pag-angkop sa mga Problema Ngayon*

Aralin 3 — *Ang mga Isyu sa Daigdig at ang Pamilya*



# Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Pagkatapos basahin ang modyul na ito, magagawa mong:

- ilarawan ang iba't ibang uri ng pamilya;
- ilarawan ang iba't ibang uri ng pagiging magulang ng nag-iisa o *single parenthood;*
- ipaliwanag kung paano tutugon ang pamilya sa mga problemang nakakaapekto sa buong mag-anak; at
- tukuyin at ipaliwanag ang mga pandaigdigang isyu na nakakaapekto sa pamilya.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago tayo magpatuloy sa mga aralin, magsimula tayo sa isang simpleng gawain. Ito ang magsusuri kung ano na ang mga alam mo sa paksang ating tatalakayin. Isulat sa linya ang **T** kung ang pangungusap ay tama at **M** kung ang pangungusap ay mali. Kung ang sagot ay mali ipaliwanag kung bakit.

1. Ang batang pinalaki ng isang solong magulang ay walang magulang na puwedeng ikuwento.

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

2. Kapag naging balo ang isang magulang, ipinagpapalagay na wala na siyang pamilya.

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

3. Ang pagtatrabaho sa ibang bansa ay walang idinudulot na problema lalu na sa mga maiiwan.

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

4. Palaging nakakatulong sa pamilya ang teknolohiya.

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

5. Ang mga kababaihan sa ngayon ay hindi dapat pumayag na maging isang ordinaryong may bahay na lamang.

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

6. Ang mga pamilya ay hindi apektado ng mga isyu gaya ng sakit na AIDS.

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

Kumusta ang pagsusulit? Sa tingin mo ba ay napagbuti mo ito nang husto? Ihambing ang iyong sagot sa mga sagot na nakasaad sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 46.

Kung tama ang lahat ng iyong mga sagot, magaling! Nagpapakita ito na marami ka nang alam sa paksang tinatalakay sa modyul na ito. Maaari mo pa ring pag-aralan ang modyul upang marebisa mo ang iyong mga nalalaman. Malay mo, maaari rin namang may matutuhan ka pang ibang bagay sa modyul na ito.

Kung mababa naman ang nakuha mo, huwag kang malungkot. Ang ibig lang sabihin niyan ay para sa iyo ang modyul na ito. Makakatulong ito sa iyong maunawaan ang mga importanteng konsepto na magagamit mo sa iyong pang-araw araw na pamumuhay. Kapag pinag-aralan mo nang maingat ang modyul na ito, malalaman mo ang lahat ng mga sagot sa pagsusulit at marami pang iba. Handa ka na ba?

Maaari mo ng buklatin ang susunod na pahina upang simulan ang aralin 1.

# Ang Pamilya Ngayon

Ano ang naiisip mo kapag naririnig mo ang salitang "pamilya?" Maaaring ang iniisip mo ay pamilyang binubuo ng ama, ina, at mga anak. Subalit alam mo bang dahil sa mga pagbabagong nagaganap ngayon sa lipunan, ang pagkakakilala sa pamilya noon ay nagbabago.

Ang pag-unlad ng ekonomiya, urbanisasyon, mga pagbabagong pangkultura, mga imbensyon sa siyensya at teknolohiya - nakakaapekto ang lahat ng ito sa pamilya. Sa araling ito, marami kang malalaman ukol sa mga pagbabago sa pamilya ngayon.


Pagkatapos mong mapag-aralan ang araling ito, magagawa mong:

- ilarawan ang iba't ibang uri ng mga pamilya; at
- ilarawan ang iba't ibang uri ng solong pagkamagulang.




## Subukan Natin Ito

Nagsasaad ang mga larawan sa ibaba ng iba't ibang mga uri ng pamilya ngayon. Ilarawan ang bawat isa nito. Isulat ang iyong mga sagot sa linyang nasa ibaba.




______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________




______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

Nagpapakita ang unang larawan ng isang uri ng pamilya na mas pamilyar sa atin. Ang pangalawan naman ay nagpapakita ng panibagong tipo ng pamilya na kung saan ay isang magulang lamang ang nag-aalaga sa kanyang anak. Mag-aral pa tayo nang malalim ukol dito. Ipagpatuloy ang pagbabasa.



## Alamin Natin

*Pamilyang may ama at ina*. Ito ang uri ng pamilya na mas kilala o pamilyar tayo. Ang tatay, nanay at mga anak ay magkakasamang namumuhay. Karamihan sa mga pamilyang Filipino ay nakabalangkas pa rin sa ganitong sistema.



*Pamilya na tatay o nanay lamang ang kasama ng anak.* Ang uri ng ganitong pamilya ay tinatawag na solong pagkamagulang (single parenthood). Isang magulang lang ang nag-aaruga at nagpapalaki sa anak o mga anak.






## Subukan Natin Ito

Sagutan ang mga sumusunod nakatanungan. Isulat ang iyong sagot sa mga espasyong nasa ibaba.

1. Anong tipo ng pamilya meron ka?
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

2. Kung kasama ka sa isang uri ng pamilya na may solong magulang, ano ang dahilan o mga dahilan?
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

Mabuti kung kasama ka sa isang pamilya na may parehong ama at ina! Itinuturing na ideyal ang tipo ng ganitong pamilya. Ang tatay at nanay ay nagtutulungan sa obligasyon ng pagpapalaki ng mga anak. Kung ikaw naman ay nasa tipo ng pamilya na kung saan ay isang magulang lang ang kasama mo, ito ay maganda pa rin. Marami ang mga dahilan kung bakit ang mga magulang ay hindi kasama sa pag-aaruga at pagpapalaki ng mga anak. Ipagpatuloy ang pagbabasa upang makatuklas ng marami pang iba.



## Alamin Natin


Iba't ibang uri ng pagiging isang solong magulang

Narito ang iba't ibang uri ng pagiging isang solong magulang:

1. *Hindi kasal na babae o lalake*. Ang mga babae o mga lalaki na nagdesisyon o dala ng mga sirkumstansiya na magkaroon ng anak na walang kasal, at palakihing mag-isa ang kanilang mga anak.

Tingnan natin ang halimbawang ito. Basahin ang kuwento sa ibaba.

Si Wilma ay 28 taong-gulang. Siya ay may 2 taong-gulang na anak, si Eva.



Nang si Wilma ay 26 na taong-gulang, isa na siyang manedyer ng Bangko Pilipinas.





Sa panahong iyon, may relasyon si Wilma kay Michael.



Pagkaraan ng ilang buwan, nalaman ni Wilmang buntis siya.




Masaya si Wilma ngunit hindi pa rin niya gustong mag-asawa.






## Magbalik-aral Tayo

Sagutan ang mga katanungan sa ibaba batay sa isinasaad ng kuwento na binasa mo. Isulat ang mga kasagutan sa guhit sa ibaba.

Bakit nagdesisyon si Wilma na palakihing mag-isa ang kanyang anak?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Ihambing ang iyong sagot dito:

Personal na desisyon ni Wilma na palakihin mag-isa ang kanyang anak. Nararamdaman niya na hindi niya pa gusto ang mag-asawa. Gusto niyang pagbuhusan pa ng atensiyon ang kanyang propesyon.


## Alamin Natin

Tingnan natin ang iba pang tipo ng solong pagkamagulang.

2. *Hiwalay na mga magulang*. Nagdesisyon ang mga magulang na manirahan ng magkahiwalay mula sa isa't isa at isa lamang sa kanila ang mag-aaruga sa anak.

Nangyayari ang paghihiwalay dahil sa di-pagkakasundo ng mag-asawa. Legal na naghihiwalay mula sa isat'isa ang mag-asawa. Sa Pilipinas nangyayari ito sa pamamagitan ng *annulment*. Ang ibig sabihin nito, ang pagiging mag-asawa ng dalawang indibidwal ay pinapawalang bisa ng batas. Ito ang prosesong tumatagal ng napakahabang panahon. Kailangang pumunta ka sa korte upang maging tagaingat ng bata. Ang maging tagaingat ng bata ay pagkakaroon ng karapatang mag-alaga ng bata. Titira ang bata sa magulang na binigyan ng karapatan ng korte na mag-alaga sa bata.

Tingnan natin ang halimbawang nito. Basahin ang kuwento sa ibaba.




Nagdesisyon silang dalawang maghiwalay na. Nagpunta sila sa hukuman upang pawalang bisa ang kanilang kasal.




Pagkatapos ng mahabang proseso at deliberasyon, pinayagan ng korte ang petisyon para sa pagpapawalang bisa ng kanilang kasal. Si Erika ay binigyan ng korte ng pag-alaga ng mga anak. Ang ibig sabihin nito, ang mga bata ay titira kay Erika.




Kinausap ni David si Erika bago umalis.




Nang gabing iyon, nagpaalam si David na sa mga bata.



Kinausap ni David si Erika bago umalis.






## Magbalik-aral Tayo

Sagutan ang mga sumusunod na katanungan batay sa nabasa mong kuwento. Isulat ang iyong mga kasagutan sa guhit na nasa ibaba.

1. Bakit naghiwalay si David at si Erika?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Ano ang plano nila David at Erika sa pagpapalaki sa mga bata pagkatapos nilang maghiwalay?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

Nasagutan mo ba lahat ang mga tanong? Tingnan natin kung tama ang inyong mga sagot. Ihambing ang iyong mga sagot dito:

1. Naghiwalay si Erika at David dahil palagi silang nag-aaway.
2. Pagkatapos nilang maghiwalay, plano pa rin nina Erika at David na palalakihin nilang pareho ang kanilang mga anak. Nagkasundo silang maging magkaibigan para sa kanilang mga anak.


Sina David at Erika ay mananatiling ama at ina ng mga bata. Kahit na hiwalay sila, mananatili silang mga magulang ng kanilang mga anak na si Mario at Luis. Kailangan pa rin nilang tuparin ang papel nila bilang mga gabay ng kanilang anak, na magbibigay ng mga pangunahing pangangailangan ng mga bata.

## Alamin Natin

Tingnan nating muli ang iba pang uri ng pagiging isang solong magulang.

3. *Balong Magulang*. Nagaganap ito kapag namatay ang isa sa mga magulang, at may naiwang anak na aalagaang mag-isa ng balo.

Basahin ang kuwentong komiks na nasa ibaba.




## Subukan Natin Ito

Sagutan ang mga katanungan sa ibaba.

Ano ang iba pang uri ng pamilya na alam mo?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

Ikonsulta ang iyong mga sagot sa iyong *Instructional Manager* para sa pagbibigay puna.

## Tandaan Natin

Huwag kalimutan ang mahalagang tinutukoy ng araling ito.

♦ ang mga pamilya ay maaaring:

— may dalawang magulang (ama at ina)
— isa lamang ang kasama, ang ama o ina

♦ Ang solong magulang ay maaaring iyong mga:

— hindi kasal na babae o lalaki;
— hiwalay; at
— balo.

# Pagharap sa mga Problema Ngayon

Isipin mo ang panahon na hindi pa natutuklasan ang koryente. Ito ang mga panahon na karamihan sa mga pamilya ay nagtatrabaho sa labas. Wala pa ang kotse at bus. Kailangang maglakbay ang mga tao nang mahaba sa pamamagitan ng paglalakad o barko. Ang pamilya noon ay kailangang magtrabaho nang husto.

Malaki ang bilang ng karamihan sa pamilya noon. Ito ay dahil kung marami ang anak, ibig sabihin marami ang tutulong sa gawain sa bukid at sa bahay. Alalahanin mo, ang lahat ay ginagawa sa pamamgitan ng kamay at walang tulong ng koryente. Sa ngayon, ang teknolohiya ay pambihira ang pagbabagong ginawa sa mundong ating kinikilusan, kasama na sa pamilya.

Sa araling ito, malalaman mo ang mga problemang kinakaharap ng mga pamilya ngayon.


Pagkatapos ng araling ito, magagawa mong:

- ipaliwanag kung paanong haharapin ng pamilya ang pansamantalang paghihiwalay;
- ipakita kung paano kikilos ang pamilya sa usaping migrasyon; at
- talakayin kung paanong tutugon ang pamilya sa teknolohiya.



## Subukan Natin Ito

Ipaliwanag ang diagram sa ibaba. Isulat ang inyong sagot sa patlang na nasa ibaba.




____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

Tingnan natin kung tama ang iyong sagot. Ang iyong sagot ay dapat na kahawig nito:

Ang kahirapan ang siyang dahilan kung bakit ang mga tao ay naghahanap ng trabaho sa ibang bansa, at pansamantala silang nahihiwalay sa kanilang mga pamilya.

Ayon sa mga pag-aaral, mahigit sa 50% pamilyang Filipino ay nanatiling mahirap. Karamihan sa miyembro ng pamilya sa urban at rural na lugar ay napipilitang magtrabaho sa ibang bansa. Ito ang kalimitang sitwasyon ng mga pamilyang Filipino.

Kapag nagsimulang magtrabaho sa ibang bansa ang isang miyembro ng pamilya, pansamantala siyang nahihiwalay sa kanyang pamilya.




## Pag-isipan Natin Ito

Ano sa tingin mo ang epekto ng pansamantalang paghihiwalay (upang magtrabaho sa ibang bansa) sa pamilya?

Ang miyembro ng pamilya na nagtatrabaho sa ibang bansa ay nakakaranas ng kalungkutan. Para sa mga naiwan, maaaring maging napakahirap ng pagpapatupad ng disiplina at pagbibigay ng gabay dahil sa pagkawala ng isang magulang.

Ang ibang mga magulang na naiwan ay kalimitang nakakaramdam ng pag-iisa at kalungkutan. Nagdudulot ito ng pagkasira ng isang relasyon o ng pagiging mag-asawa (*marriage*). Ang isa sa mga dahilan nito ay ang kawalan ng komunikasyon at tiwala sa isang asawa na nagtungo sa ibang bansa at sa kabiyak na naiwan.

Paano natin malulunasan ang problemang dulot ng pansamantalang paghihiwalay. Basahin ito upang malaman ang sagot.



## Alamin Natin

Pagtugon sa Pansamantalang Paghihiwalay

♦ Pagkakalayo at kalungkutan ng mga miyembro ng Pamilya

    Makakaya ng pamilya ang paghihiwalay sa pamamagitan ng komunikasyon. Ang ibig sabihin nito ay pagsusulatan, pagpapadala ng mga telegrama, paggamit ng kompyuter upang mapadalhan ng e-mail ang minamahal at pagtawag sa telepono. Kahit gaano kalayo ang kapamilya, ang pagmamahal ay patuloy pa ring maipadarama sa pamamagitan ng komunikasyon. Ang pagmamahal ay napapanitiling buhay at matatag sa pamamagitan nito, kahit pa malayo sa isa't isa.


    Ang mga espesyal na okasyon gaya ng mga kaarawan o espesyal na araw (*holiday*) ay mga pagkakataon ng pamilyang ipakita ang kanilang pagmamahal, sa kabila ng malaking distansiya na naghihiwalay sa kanila.



- Kahirapan sa pagpapatupad ng disiplina at paggabay sa mga anak.

  Ang komunikasyon ulit ang susi. Ang magulang na naiwan ay kadalasang nakakaramdam na ang pag-aalaga ng mga anak ay labis na mabigat upang magampanan niya ito ng mag-isa. Dapat ay subukan niyang kausapin nang madalas ang kanyang mga anak at ipaliwanang sa mga ito ang kanilang sitwasyon.

  Kalimitan ang mga batang mahirap disiplinahin ay kulang lang sa atensiyon at pagmamahal. Ang mga batang ang magulang ay nasa malayo ay dapat bigyan ng kapanatagan na sila ay mahal pa rin ng kanilang magulang na nasa malayo. Magagampanan ng magulang na naiwan sa kanila. Iyon namang mga magulang na nasa malayo, siya ay dapat makipag-ugnayan nang madalas upang patuloy na maipadama ang kanyang pagiging magulang sa mga anak.





## Subukan Natin Ito

Ang mga nasasaad sa ibaba ay mga sitwasyon na ang isang miyembro ng pamilya ay pansamantalang magkahiwalay. Isulat ang iyong mga payo sa sitwasyon sa ibaba.

1. Nagtatatrabaho sa Saudi Arabia si Mang Jose. Isa siyang manggagawa sa konstruksiyon. Nasa Saudi siya sa loob ng anim na taon. Sabik na sabik na siya sa kanyang pamilya. Ano ang magagawa ng kanyang pamilya upang sumaya siya?

   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

2. Si Angel ay isang *nurse* sa Chicago, U.S.A. Siya ay malapit nang magdiwang ng kanyang kaarawan. Siya ay malungkot sapagkat wala siyang kasamang magdiriwang nito. Ang kanyang kapatid na si Rose na nasa Pilipinas ay nagbabalak magdaos ng party para sa kanya. Maganda bang ideya ito? Bakit at bakit hindi?

   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

3. Si Diding ay isang katulong sa Hongkong. Hindi niya nakita ang kanyang anak na si Boboy sa loob ng apat na taon. Nang bumalik siya ng Pilipinas gusto niyang siya ay patuloy na minamahal ng kanyang anak. Gusto siyang tulungan ng kanyang asawang si Tony. Paano makakatulong si Tony sa kanya?

   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________


Sa tingin mo ba ay nakapagbigay ka ng magaling na payo? Ihambing ang iyong mga sagot sa mga kasagutang nakasaad sa *Batayan sa Pagwawasto* na matatagpuan sa pahina 46.

## Basahin Natin Ito

Dahil sa mga pagbabagong nagaganap sa ekonomiya ng Pilipinas, karamihan sa mga manggagawa ay naghahanap ng trabaho sa ibang bansa. Ang iba ay gustong manirahan sa ibang bansa kasama ang pamilya. Ang tawag dito ay migrasyon. Ang nasa ibaba ay isang kuwento ng pamilya ukol sa migrasyon, ang mga problema at pagbabagong hinaharap nila.


**Mga Gumaganap:**

Romeo, ang ama
Rose, ang ina
Ana, ang 10 taong-gulang na anak na babae
Jonjon, ang 6 na taon-gulang na anak na lalaki




Nagdesisyon si Romeo at si Rose na kausapin ang mga anak tungkol sa pagpunta nila sa ibang bansa.






Maraming buwan ang nakalipas, ang pamilya ay nagdesisyon na pumunta ng Canada. Sa kanilang unang linggo doon . . .








Kaya pinalaki pa rin nina Rose at Romeo ang kanilang mga anak sa pamamaraang Filipino. Tinuruan nila ang mga bata ng tamang pagpapahalaga at respeto. Natutong kilalanin ang mga bata ang kulturang Filipino habang lumalaki sila sa Canada.

Subalit mayroon pa rin silang mga problemang kinakaharap. Isang araw…











## Magbalik-aral Tayo

Ating tingnan kung naintindihan mo ang kuwento na iyong binasa. Sagutan ang mga sumusunod na katanungan. Isulat ang iyong mga kasagutan sa linyang nasa ibaba.

1. Ano ang problemang nakaharap nila Rose at Romeo bago sila mandayuhan sa ibang lugar?

    ____________________________________________
    ____________________________________________
    ____________________________________________
    ____________________________________________


2. Ano naman ang problemang kinaharap ng pamilya nang makarating na sila sa Canada?

    ____________________________________________
    ____________________________________________
    ____________________________________________
    ____________________________________________

3. Paano nila nagawan ng solusyon ang mga problemang iyon?

    ____________________________________________
    ____________________________________________
    ____________________________________________
    ____________________________________________

Ikumpara ang iyong mga sagot sa mga sagot na nasa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 47 upang malaman mo kung tama ang mga ito.



## Alamin Natin

Maraming dulot na suliranin ang migrasyon. Ito ay sa dahilang kailangang makibagay sa lahat ng mga pagbabago ang mga kasapi ng pamilya. Isipin mo na lang kung ano ang iyong mararamdaman kung biglaan kang lilipat sa bagong kapaligiran. Kapag naiwan mo ang iyong mga pamilya at mga kaibigan?

Karamihan sa mga pamilya na tumitira sa ibang bansa ay nahihirapang makisabay sa bagong kulturang kinalalantaran nila. Ang mga Pilipinong naninirahan sa ibang bansa ay hinaharap ang kulturang naiiba sa nakasanayan na nila. Ang mga tao ay ibang iba sa kilos, gawa at pagsasalita.

Upang maharap ang mga ganitong pagbabago, sila ay dapat luminang ng positibong pag-uugali sa kanilang sarili at sa kanilang pamilya. Dapat na mayroong patuloy na komunikasyon at pagmamahal sa loob ng pamilya. Ang bawat kasapi ng pamilya ay dapat magsuportahan sa isa't isa habang sumasabay sa mga pagbabagong ito. Dapat rin nilang tulungan ang bawat isa na makaangkop sa mga pagbabagong ito.



## Subukan Natin Ito

Sagutan ang mga katanungan sa ibaba.

1. Ano ang mga teknlohiyang matatagpuan mo sa iyong bahay? Isulat ito sa guhit na nasa ibaba.

   *Halimbawa*: telebisyon

   a. ______________________________

   b. ______________________________

   k. ______________________________

2. Ano ang iyong mga benepisyong nakukuha sa mga teknolohiyang ito?

| Teknolohiya | Benepisyo |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

3. Ano naman ang mga negatibong epekto nito sa iyong pamilya kung mayroon man?

| Teknolohiya | Negatibong Epekto |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

Karamihan sa mga bagay na produkto ng teknolohiya ay matatagpuan sa ating bahay. Nagagawa nilang maging madali at masinop ang ating pamumuhay.


May halimbawang isang gamit ng komunikasyon gaya ng telepono na tumutulong sa ating makausap ang ating mga kaibigan at mga kamag-anak kahit malayo pa sila sa atin.

Subalit, may mga negatibo at positibong dulot ang mga pag-unlad sa teknolohiya. Ang mga pamilyang sanay sa mga teknolohiya ay maaaring makaranas ng mga positibo at negatibong epekto.

Ipagpatuloy ang pagbabasa upang malaman pa ang maraming bagay ukol dito.

## Alamin Natin


*Ang mga epekto ng teknolohiya sa pamilya*



***Telebisyon***

*Positibo:* Ang telebisyon ay isang pamamaraan upang makakuha ng impormasyon at malibang. Ipinababatid nito sa atin ang mga bagong nagaganap sa buong mundo. Nalilibang din tayo nito sa pamamagitan ng masasayang palabas at mga programa.


*Negatibo*: Ang sobrang panonood ng telebisyon ay mayroon ding mga pinsalang dulot. Alam mo ba na ang sobrang panonood ng telebisyon ay masama sa iyo at sa iyong pamilya? May ilang pagkakataon na ang mga miyembro ng pamilya ay wala ng oras upang makipag-usap sa isa't isa. Mas nagiging interasado sila sa panonood ng TV kaysa sa kanilang kapamilya.



***Telepono***

*Positibo*: Simula nang maimbento ang telepono ni Alexander Graham Bell, ang mundo ay hindi na naging tulad ng dati. Naging madali ang buhay dahil sa telepono. Posible na ngayong makausap ang mga kamag-anak na nakatira sa malayong lugar.

*Negatibo*: Ang telepono ay mayroon ding dulot na di-mabuti. May mga sandaling kapag ang tao ay nakakababad na sa telepono, nakakalimutan na nila ang kanilang pamilya. Karamihan sa mga kabataan ay mas gusto pa ang gumamit ng telepono at makikipag-usap sa kanilang mga kaibigan kaysa pag-ukulan ng panahon ang kanilang pamilya.



***Komputer***

*Positibo*: Ang gamit ng komputer ay nagpapagaan ng ating buhay ngayon. Dahil dito ang mga trabaho at mga transaksiyon ay nagiging madali at mas mabisa. Mangyari'y mababasa natin ang anumang paksang nais nating basahin, makipag-negosyo at pati pamimili ay magagawa sa pamamagitan ng kompyuter. Puwede rin tayong makipag-ugnayan sa mga tao sa buong mundo. Sa isang pindot lang, makakapagpadala tayo ng *e-mails* (*electronic* na sulat) o makipag-usap sa mga tao sa iba't ibang panig ng mundo.

*Negatibo*: Ang komputer ay mayroon ding negatibong epekto. Maaari itong pagsimulan ng pagkukulang ng komunikasyon sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya. Ang isang tatay, halimbawa, ay maaaring gustong magtrabaho na lamang ng buong araw sa kompyuter kaysa maglaan ng oras para sa kanyang mga anak. Sa isang banda naman, marami sa mga kabataan ang mas gusto pang maglaro ng kompyuter kaysa sumama sa mga pang-araw araw na gawaing-pampamilya.



## Subukan Natin Ito

Sagutan ang mga katanungan sa ibaba. Isulat ang inyong mga sagot sa linyang nasa ibaba.

Ano ang ating gagawin upang malutas ang mga problemeng likha ng teknolohiya?

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

Ang sekreto ay gamitin nang wasto ang mga kasangkapang ito. Gamitin ito upang mas lumago ang pagmamahal at pagsasamahan ng pamilya. Paano?


Magpatuloy ng pagbabasa upang malaman ang sagot.

## Alamin Natin

*Paggamit ng teknolohiya para sa pamilya*

***Ang may telebisyon***

1. Ang panonood ng telebisyon ay gawin nang kasama ang buong pamilya. Ibahagi ang mga ideya mo tungkol sa programang pinanood mo. Pag-usapan ang mga palabas na gusto mo.
2. Limitahan ang mga oras ng panonood. Manood ng telebisyon sa maikling panahon lamang. Huwag gawing kaugalian ang manood ng TV sa buong araw.
3. Piliin ang mga palabas na gusto niyong panoorin bilang isang buong pamilya. Piliin ang mga palabas na may kalidad at nagdudulot ng mga kapakipakinabang na kaalaman at pagpapahalaga sa iyo at iyong pamilya.



***Sa telephono***

1. Gamitin ang telepono upang patuloy na magkaroon ng ugnayan sa pamilya. Gamitin ito upang matawagan ang mga miymebro ng pamilya na nasa malayong lugar o probinsiya. Ipalaganap ang iyong pagmamahal sa pamamagitan ng telepono.

2. Sa bahay, limitahan ang gamit ng telepono. Huwag masyadong magtagal sa paggamit ng telepono.

3. Gamitin ang telepono para sa mga biglaang pangangailangan at mahahalagang tawag lamang.



***Sa kompyuter***

1. Kapag ginagamit ang komputer, ipaalam ang mga nakuhang impormasyon sa buong pamilya.

2. Limitahan ang mga oras ng paggamit ng komputer.

3. Gamitin ang komputer sa pakikipag-ugnayan sa miyembro ng pamilya na nasa malayong lugar.



Gamitin ang mga instrumentong ito para sa inyo. Sa halip na maging pinsala sa inyong pamilya gamitin ito bilang isang kasangkapan (tools). Ayusin ang relasyon sa pamilya sa pamamagitan ng mga instrumentong ito.

## Tandaan Natin

Huwag kalimutan ang mahahalagang paksa sa araling ito.

- Ang ilan sa mga suliranin at mga hamon na hinaharap ng mga pamilya ngayon ay; ang pansamantalang paghihiwalay, migrasyon at ang mga negatibong epekto ng teknolohiya.
- Ang pansamantalang paghihiwalay ay bunga ng pangangailangang magtrabaho sa ibang bansa ang isa sa magulang.
- Ang pansamantalang migrasyon ay bunga din ng pagnanasa ng magulang na maghanap ng isang maunlad na lugar na maaaring makakuha ng maayos na trabaho. Ang paninirahan sa ibang lugar ay nagdudulot ng mga suliranin ukol sa pakikibagay sa bagong kapaligiran at kultura.
- Ang teknolohiya ay nakaktulong sa maraming pamilya sa pamamagitan ng pagpapadali ng kanilang mga gawain. Ang teknolohiya ay nakakaaapekto rin sa sa paraan ng pakikipag-ugnayan ng bawat-isa sa pamilya.

ARALIN 3

# Ang mga Isyu sa Daigdig at ang Pamilya



Ano ang mga pandaigdigang isyu? Ito ang mga pangyayari at mga idea na nakakaapekto sa buong mundo. Ito ang mga nakababalisang isyu na tungkuling harapin ng bawat bansa. Ang pagkawasak ng kapaligiran (environment) ay isang pandaigdigang usapin, dahil ito ay nakakaapekto sa bawat isa sa mundo. Gaya din ng mga sakit gaya ng kanser at AIDS.

Maraming mga isyu sa buong mundo na nakakaapekto sa pamilyang Pilipino. Ang mga isyung ito ay maaaring magpabago ng pamumuhay ng isang pamilya. Isa sa importanteng usaping pandaigdigan ang kahalagahan ng mga karapatan. Magtuturo sa iyo ang araling ito kung paanong mahaharap ng pamilya ang mga pandaigdigang usapin.

Pagkatapos ng araling ito, magagawa mong:


- tukuyin ang mga pandaigdigang isyu na nakakaapekto sa pamilya;
- ipaliwanag ang maaaring gawin ng pamilya upang makatulong kung paano mababawasan ang mga usaping pangkaligiran;
- ipaliwanag kung paano makakatulong ang pamilya sa mga pandaigdigang usaping pangkalusugan; at
- ipaliwanag kung paano makakatulong ang pamilya sa usaping pandaigdigan ukol sa nagbabagong papel ng kababaihan.



## Pag-isipan Natin Ito

Anong mga pandaigdigang usapin ang alam mo?

Ang tatlong pangunahing usapin na nakakaapekto sa mundo ay ang kapaligiran, kalusugan at ang nagbabagong mga pagpapahalaga. Alamin pa natin nang mas malalim ang ukol dito at kung paano ito nakakaapekto sa pamilya. Basahin ito.




## Alamin Natin

Maaaring narinig mo na ang kasabihang "ang mundo ay isang pandaigdigan nayon." Alam mo ba kung ano ang ibig sabihin nito? Tingnan ang iyong barangay. Kapag may problema ang iyong barangay, hindi ba nito naapektuhan ang lahat? Pareho lamang ito lang ng pandaigidigang pananaw. Tayo ay bahagi ng isang malaking komunidad. Bawa't pagbabago ay nakakaapekto sa bawat bansa. Bilang mga bansa, nakikibahagi tayong lahat sa iisang pangarap at naaapektuhan ng suliraning magkakatulad.

Kaya mahalaga ang bawat isyu. Ang pandaigdigang mga usapin ay ang mga pangyayari at mga idea na hinaharap ngayon. Napakalaki ng pagkabahala ukol sa pangkapaligirang usapin, mga sakit at mga pagbabago sa teknolohiya. Ang lahat ng ito ay nakakaapekto sa mga mamamayan sa mundo, kahit ikaw at ang iyong pamilya. Ang iyong pamilya ay bahagi ng bumubuo ng pandaigdigan nayon. Ibig sabihin nito, ang iyong pamilya ay may responsabilidad na harapin ang mga usaping ito.

**Ang mga Pandaigdigang Usapin at Ang Tatlong "A's"**

Ang iyong pamilya ay bahagi ng isang malaking pandaigdigang komunidad. Ang bawat usapin na nakakaapekto sa mundo ay makakaapekto rin sa iyong pamilya. Malalaman mo ang mga usaping ito sa pamamagitan ng 3 "A." Dapat kang maging:



| | | |
|---|---|---|
| **May Alam** | — | alamin ang lahat mga isyu at kung paano ito makakaapekto sa iyong pamilya. |
| **Aktibo** | — | gawin ang iyong tungkulin! Mag-isip kung paano lalabanan o lulutasin ang pandaigdigang suliranin sa iyong payak na paraan. |
| **Alisto** | — | palagiang maging mapag-suri sa mga bagong pangyayari na kaakibat ng mga isyung ito. |



## Subukan Natin Ito

Sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Isulat ang iyong mga sagot sa guhit na nasa ibaba.

1. Paano magkakaroon ng kaalaman ang iyong pamilya ukol sa usaping pangkapaligiran?

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________


2. Paano magiging aktibo ang iyong pamilya sa paglahok sa mga usaping pangkapaligiran?

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

3. Paano magiging alisto ang iyong pamilya ukol sa usaping pangkapaligiran?

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

Basahin ito upang malaman kung tama ang iyong mga sagot.



## Alamin Natin

Ang kapaligiran ay yaman nating lahat. Mayroon tayong tungkulin na pangalagaan ang mundo at labanan ang sumisira dito. Paano ito magagawa ng ating pamilya?



Ang iyong pamilya ay magagampanan ang kanilang bahagi sa pamamagitan ng :

- ♦ **Pagiging may Alam:** alamin ang mga pagbabagong nagaganap sa kaligiran na nakakaapekto sa pamilya.
- ♦ **Pagiging Aktibo:** Dapat turuan ang mga magulang ang kanilang mga anak kung paano mangalaga ng kapaligiran. Pag-recycle ng mga bagay, paglinis ng kapaligiran at pagtatanim ng mga puno.
- ♦ **Pagiging Aktibo:** Dapat manatiling alerto ang pamilya sa iba't ibang programa ng komunidad ukol sa kapaligiran. Tanungin ang pinuno ng inyong lokal na barangay kung may proyekto para sa kapaligiran sa loob ng inyong komunidad. Sumama sa mga gawaing nagsusulong ng pangangalaga ng kapaligiran.

Alalahanin ang tatlong "A." Maging Aktibo, Alerto at may Alam. Sa pamamagitan ng pagsisimula sa inyong pamilya, makapag-aambag ka nang malaki sa pangangalaga ng ating Inang kalikasan.

## Subukan Natin Ito

Sagutan ang mga sumusunod na katanungan. Isulat ang inyong mga sagot sa mga guhit sa ibaba.

1. Paano magkakaroon ng kaalaman ang iyong pamilya ukol sa usaping pangkalusugan?

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

2. Paano magiging aktibo ang iyong pamilya sa paglahok sa mga usaping pangkalusugan?

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

3. Paano magiging alerto ang iyong pamilya ukol sa usaping pangkalusugan?

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

Basahin ito upang malaman kung tama ang iyong mga sagot.

## Alamin Natin

Maaaring nag-iisip ka, ano ang kaugnayan ng pandaigdigang kalusugan sa aking pamilya? Ang sagot ay marami! Ang nangyayari sa pandaigdigang kalusugan ay nakakaapekto sa bawat isa sa planeta.



Halimbawa, kung ang isang sakit ay natuklasang nakamamatay, ito ay makakaapekto sa buong pandaigdigang populasyon. Bawat isa ay maaaring magkasakit. Kaya ang mga gobyerno ay kailangang gumawa ng programa at plano kung paano masusugpo ang sakit na ito. Ang mga bansa ay kailangang magsama-sama upang pag-aralan ito nang mabuti. Ito ang nangyari ng matuklasan ang *Acquired Immune Defficiency Syndrome* or AIDS. Ang mga bansa sa buong mundo ay alam na ang AIDS virus ay makakaapekto sa kanilang populasyon kaya patuloy ang kanilang pag-aaral upang masugpo ang sakit na ito.

Ang malarya at dengue fever halimbawa ay mga karaniwang sakit sa buong mundo. Ito ang pandaigdigang usapin na dapat ay alalahanin ng lahat. Ang mga pamilya dito sa Pilipinas ay makagawa ng paraan upang malabanan ang mga sakit na ito.

Ang mga sakit na ito ay dala-dala ng mga lamok. Ang mga insektong ito ay inililipat ang sakit mula sa isang tao patungo sa ibang tao. Subalit sa pamamagitan ng 3 "A", maiiwasan o mapapababa natin ang bilang ng mga taong maysakit na ganito.

**Maging may Alam:** alamin ang lahat tungkol sa malarya at dengge. Paano lumalaganap? Ano ang ginagawa nito? Ano ang magagawa mo?

**Maging Aktibo:** Gawin ang iyong tungkulin. Panatilihing malinis ang iyong kapaligiran upang maiwasang maging itlugan ng mga lamok. Ibahagi ang impormasyong ito sa iyong mga kapitbahay at mga kaibigan.

**Maging Alerto:** Ang gobyerno at ibang mga sektor ng negosyote ay may mga programa kung paano lalabanan ang mga sakit na ito. Alamin mo pa ang maraming bagay ukol sa kanila. Maging *volunteer* o kumuha ng kanilang mga serbisyo.



## Subukan Natin Ito

Sagutan ang mga sumusunod na katanungan. Isulat ang inyong mga sagot sa mga guhit sa ibaba.

1. Paano magkakaroon ng kaalaman ang iyong pamilya ukol sa usaping ang nagbabagong papel ng kababaihan?

   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________

2. Paano magiging aktibo ang iyong pamilya sa paglahok sa usaping tungkol sa nagbabagong papel ng kababaihan?

   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________

3. Paano magiging alerto ang iyong pamilya sa mga usaping tungkol sa nagbabagong papel ng kababaihan?


____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Basahin ito upang malaman kung tama ang iyong mga sagot.



## Alamin Natin



Ano ba ang ibig sabihin natin sa nagbabagong pagpapahalaga? Ito ang mga pagbabago kung paano gumawa at mag-isip ang mga tao ng ayon. Ang mga tao ay mayroong mga bagong idea bawat minuto. Parami ng parami ang tinatanggap na pagbabago sa ating kultura. Marami na ang mga nabago sa ating kultura at pagpapahalaga. Para banggitin ang ilan,  tinatanggap na ngayon ang mga kababaihan sa pagawaan at pagtanggap ng iba't ibang tao na may iba't ibang lahi.


Habang hinaharap natin ang mabilis na mga pagbabago sa teknolohiya, parami nang parami ang mga taong tumatanggap ng mga idea na hindi nila tinatanggap noon. Ang bahagi ng araling ito ay maigsing tatalakay sa isyu ng mga nagbabagong pagpapahalaga na hinaharap ng mga pamilyang Pilipino ngayon. Ito ang nagbabagong papel ng kababaihan.

## Basahin Natin

Narining mo na ba ang kasabihan na "Ang babae, pambahay lamang" o "tahanan ang lugar ng babae." Ito ang mga kasabihan sa bansang ito, at ipinapakita ito ng larawan sa ibaba:




Pinili ito ng ibang mga kababaihan. Walang masama sa pagiging isang maybahay, kung personal na desisyon iyan ng babae. Subalit marami ring mga kababaihan ang gustong magtrabaho sa opisina, sumali sa pulitika, magtayo ng mga negosyo at makapagpahayag tungkol sa kanilang mga nasa at pangangailangan. Tingnan ang larawang ito:




Nahihirapang tanggapin ito ng ibang tao. Naniniwala ang iba na ang mga kababaihan ay walang kakayahang gawin ang mga trabaho sa opisina o sa gobyerno. Nagsasabi naman ang iba na ang kababaihan ay walang kakayahang magtrabaho at mag-isip.

Subalit mga makalumang pagtingin ito. Alam mo ba na noong unanag panahon, ang mga kababaihan ay hindi pinapayagang bumoto o pumasok ng eskuwelahan? Subalit ngayon, ang babaeng nasa tamang edad ay maaari nang bumuto ng kandidatong gusto niya. Pumapasok na rin ng paaralan ang mga kababaihan kasama ang mga kalalakihan.




## Alamin Natin

Talagang nagbago na ang papel ng kababaihan ngayon sa lipunan. Iginagalang sa buong mundo ang karapatan ng kababaihan. Alamin natin kung paano gagawin ito sa ating mga pamilya. Magagamit ba natin ang tatlong "A" sa pandaigdigang isyu na ito? Siyempre!

Mababago ang pamilya kasabay ng pandaigidigang usapin sa pamamagitan ng:

1. **Pagiging may Alam** — Alamin ang mga pagbabago sa mga ideya at pagpapahalaga. Alamin din kung ano ang karapatan ng kababaihan at kung paano nagbabago ang kanilang mga papel.
2. **Pagiging Aktibo** — Matutong irespeto ang kababaihan. Ituro ang mga halagahang ito sa iyong mga anak. Gawin ang iyong tungkulin at maging halimbawa sa iyong mga kaibigan at pamilya.
3. **Maging Alerto** — bantayan ang mga takbo at pagbabago ng mga kaisipan. Bantayan ang gobyerno at mga pribadong grupo na sumusuporta sa mga isyu ng kababaihan at ng pamilya.



## Alamin Natin

Ano ba ang sinasaad ng Konstitusyon patungkol sa pamilya?

Paano natin malalaman na sumusunod ang Pilipinas sa *Universal Declaration of Human Rights?* Nakasaad ang karapatan ng pamilya sa 1987 Konstitusyon ng Pilipinas, ang batayang batas ng Pilipinas. Sumusunod ang konstitusyon sa itinakda ng *United Nations*.

Basahin natin ang Artikulo 15 ng Konstitusyon. May 4 seksiyon ito.

### Aritkulo 15 — Ang Pamilya

*Seksiyon 1.* Kinikilala ng estado ang Pamilyang Pilipino bilang pundasyon ng bansa.

Alinsunod dito, papalakihin nito ang pagkakaisa at aktibong susulong ang kabuuang pagapapaunlad nito.

*Seksiyon 2.* Ang pag-aasawa, bilang isang banal na institusyon, ay pundasyon ng pamilya at dapat pangalagaan ng estado.

*Seksiyon 3.* Ang estado ay dapat ipagtanggol:

a. Ang karapatan ng mga mag-asawa na bumuo ng pamilya base sa kanilang paniniwalang panrelihiyon at ng mga kahingian ng isang responsableng pagkamagulang;

b. Ang karapatan ng mga bata para sa suporta, kasama na ang tamang pag-aalaga at nutrisyon, at espesyal na proteksiyon mula sa lahat ng uri ng kapabayaan, abuso, kalupitan, pagsasamantala, at iba pang mga kondisyon na makakasagabal sa kanilang pag-unlad o paglaki;

c. Ang karapatan ng pamilya sa isang pampamilyang sahod at kita;


d. Ang karapatan ng mga pamilya o samahan ng pamilya na makilahok sa mga pagpapaplano at implementasyon ng mga patukaran at programa na makakaapekto sa kanila.

*Seksiyon 4.* Ang pamilya ang may tungkulin na pangalagaan ang kanilang matatanda subalit magagawa rin ito ang estado sa pamamagitan ng mga makatarungang programa ng panlipunang seguridad.

## Basahin Natin Ito

Paano misasabuhay ang mga seksyong ito sa konstitusyon sa pang-araw araw nating pamumuhay? Gusto mo bang malaman kung paano natin mapapatupad ang mga batas na ito? Basahin mo pa ito at marami ka pang matututuhan.


**Sekyon 1**



Ang pamilyang Filipino ang pundasyon ng bansa. Ano ba dapat ang katulad ng isang pundasyon? Ito ay dapat malakas at matatag. Isiping ang pamilya bilang mga ugat na siyang humahawak sa puno upang tumayong tuwid. Gaya ng mga ugat ng puno, ang pamilyang Filipino ay dapat maging matatag. Ang pamilya ang dahilan kung bakit nabubuo ang isang bansa.

Sa pagkakaroon ng batas na ito, sumusunod ang Pilipinas sa deklarasyon na “ang pamilya ang siyang pangunahing yunit ng lipunan.” Ang pamilya ngayon ay protektado ring gobyerno ayon sa nakasaad sa konstitusyon.

**Seksiyon 2**



Nagsasaad ang seksiyong ito na ang pag-aasawa ay isang seryosong bagay. Sumusunod ito sa batas na itinakda ng gobyerno. Ano ang ibig sabihin natin pag sinasabing ang pag-aasawa ay protektado ng estado? Ang ibig sabihin nito, ang mga batas sa pag-aasawa ay mga batas na matatag. Ang pag-aasawa ay hindi lamang isang laro. Ang batas ay hindi tinutuluyang mag-asawa ang mga tao hanggang gusto nila. At ang pag-aasawa ay hindi tinatapos nang ganoon-ganoon lamang. May mga batas na dapat sundin ang mag-asawa.

**Seksiyon 3 -** Nahahati sa apat na bahagi ang mga seksiyong ito.


Nagsasaad ang una na ang bawat isa ay may karapatang magkaroon ng sarili niyang pamilya. Naaalala mo ba ang deklarasyon ng UN? Nagsasaad din ito na may karapatang magsimula ng isang pamilya ang bawat indibidwal. Subalit kailangang isaisip na para makapagsimula ng pamilya ikaw ay dapat na nasa tamang edad!




Nagsasaad ang susunod na bahagi ng seksiyon ng mga tungkulin dapat sundin ng mga magulang. Ipinapahayag nito ang karapatan ng mga bata na dapat ipagkaloob ng mga magulang. Ang mga bata ay dapat bigyan ng tamang pagkain, tamang pag-aalaga, at pagmamahal. Basahin nang maingat ang bahaging ito ng seksiyon.

Ipinapahayag din nito na ang mga bata ay hindi dapat inaabuso at pinagsasamantalahan. Ang ibig sabihin nito, ang mga magulang ay dapat alagaan ang mga bata at hindi sasaktan ito. Ang mga bata hindi dapat pinupuwersa ng gumawa ng mabigat na trabaho. Ang ibig sabihin nito, ang mga bata ay hindi maaaring magtrabaho sa mga pabrika o mamalimos sa daan!

Alinsunod ito sa mga karapatan ng bata na pinagkasunduan ng mga kasapi ng UN.




Ang pangatlong bahagi ng seksiyon ay patungkol sa sahod para sa pamumuhay ng isang pamilya. Ang ibig sabihin nito, dapat siguraduhin ng gobyerno na kumikita ang mga pamilya nang sapat upang mabuhay. Dapat na ipinagkakaloob sa mga magulang ang mga trabaho.



Nagsasaad ang huling bahagi ng seksiyon na puwedeng lumahok ang pamilya sa mga pagpaplano ng mga palakad na makakaapekto sa kanila. Gaya ng pagpaplano ng pamilya, na kung saan ang pamilya ay puwedeng pumili kung ilan ang gusto nilang maging anak. Hindi makakapagdikta ang pamahalaan kung ilang anak dapat mayroon ang isang pamilya.




**Seksiyon 4**



Maingat na basahin ang seksiyon na ito. Nagpapakita ito ng ating mga halagahan sa pag-aalaga ng mga matatanda sa atin. Isinasaad dito na ang pamilya ay dapat alagaan ng kanilang mga matatanda. Dapat nating bisitahin at alagaan ang ating mga lolo at lola. Hindi natin sila dapat kalimutan.

Nagsasaad din ang seksiyong ito na maaaring sumuporta ang pamahalaan sa matatanda sa pamamagitan ng mga programa nito. Kung kaya meron tayong mga bahay-kalinga para sa matatanda, discounts para sa mamamayang matatanda at mga serbisyong hospital para sa mga matatanda.



## Magbalik-aral Tayo

Ang mga nabasa mo ay nakatulong sa iyo para maunawaan kung paanong ang konstitusyon ay gumagalaw upang protektahan at idepensa ang pamilya. Ang konstitusyon ay sinusunod ang pandaigdigang isyu ukol sa mga karapatan, na ipinagkaloob ng United Nations (UN). Tingnan natin kung naintindihan mo ito nang mabuti. Sagutan ang mga sumusunod na katanungan.

1. Mapupuwersang magtrabaho sa isang construction site ang isang bata. Bakit?

2. Maaari bang magdikta ang gobyerno sa isang pamilya kung ilan ang dapat maging anak nila? Ipaliwanag ang iyong sagot?

3. Bakit kailangan nating alagaan ang ating matatanda?

4. Ano ang mga karapatan ng mga kabataan na ipinaglalaban ng Konstitusyon?

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga kasagutang nakasaad sa *Batayan sa Pagwawasto* na matatagpuan sa pahina 47.

Tama ba ang lahat ng inyong sagot.

## Tandaan Natin

Huwag kalimutan ang mahahalagang paksa ng araling ito.

- Ang pandaigdigang mga usaping nakakaapekto sa pamilya ay ang; kaligiran kalusugan; at ang nagbabagong papel ng kababaihan.
- Dapat isabuhay ng pamilya ang pagiging; may alam, aktibo at alerto ukol sa mga isyung ito.
- Isinusulong ang konstitusyon ang karapatan at responsobilidad ng pamilya.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

A. Gamitin ang kahit alin sa 3 “A” - Alam, Aktibo at Alerto upang matugunan ang mga sumusunod na pandaigdigang isyu.

1. Magsasagawa ang Health Center sa Barangay Orambo ng isang seminar sa pagpapalaganap ng kaalaman ukol sa sakit na AIDS ngayong darating na Pandaigdigang Araw ng AIDS. Ang mga pamilya sa barangay ay dapat bang lumahok sa seminar na ito.

   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

2. Tumatakbong Barangay Chairperson si Gng. Edna Manalo sa baranggay Cabral sa darating na eleksiyong pambarangay. Karamihan sa mga pamilya ay nagsasabi na hindi kayang gawin ni Gng. Manalo ang trabahong ito dahil siya ay babae. Naniniwala naman ang pamilyang Rizal na si Ginang Manalo ay tamang-tama sa posisyong iyon. Ano ang pwedeng gawin ng pamilyang Rizal?

   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

3. Kinakaharap ng mga pamilyang nakatira sa Sityo Mapuno ang usaping pangkapaligiran (environment). Ang isang pabrika na malapit sa sityo ay nagbubuga ng mga nakalalasong basura (toxic waste) sa ilog na kung saan nangingisda at sumasalok ng tubig ang mga pamilya. Ano ang maaaring gawin ng mga pamilya sa Sitio Mapuno?

   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

B. Ang bawat sumusunod na sitwasyon na nasa Set A ay nagsasaad ng partikular na karapatan. Maingat na basahin ang mga sitwasyon at itugma ang mga ito sa tamang nakasaad sa Set B. Isulat ang iyong sagot sa linyang nasa tabi.

| | | SET A | | SET B |
|---|---|---|---|---|
| ____ | 1. | Isang amerikana si Marjorie Smith. Mahal niya ang kanyang kasintahang si Antonio Malaya, isang Pilipino. Sila ay magpapakasal sa susunod na buwan. | a. | Ang karapatan ng lalaki at babae na nasa tamang edad, na hindi nililimitahan dahil sa lahi, nasyonalidad, o relihiyon, na mag-asawa at magbuong sariling pamilya. |

____ 2. Nagpakasal si Nena at ang kanyang asawang si Boyet noong nakaraang taon. Desisyon nilang pareho na iyon na ang tamang oras para sila maging mag-asawa.

____ 3. Bagong kasal pa lang sina Jose at Luisa. Gusto nilang planuhin kung ilan ang kanilang magiging anak. Kaya ang mag-asawa ay nagdesisyon na magtungo sa health center upang matutuhan kung paano magplano ng pamilya.

____ 4. 80 taon na si Lola Minyang. Nakatira siya sa kanyang anak na si Diego at ang pamilya nito. Ang buong pamilya ay mahal at inaalagaan si Lola Minyang.

____ 5. Anak na babae si Wilma nina Melissa at Norman. Siya ay inaalagaan ng kanyang mga magulang. Pinagkalooban siya nang maayos na pagkain at sapat na edukasyon. Mahal siya ng kanyang magulang.

b. Ang karapatan ng bata sa suporta, kasama ang tamang pag-aalaga at nutrisyon, at espesyal na proteksyon mula sa lahat ng klase ng kapabayaan abuso, kalupitan, abuso at iba pang kondisyong makakasagabal sa kanilang paglaki o pag-unlad.

c. Ang tungkulin ng pamilay na alagaan ang mga kasapi nilang matatanda.

d. Ang karapatan ng pamilya na lumahok sa pagpaplano at pag-papatupad ng mga polisa at programa na nakakaapekto sa kanila.

e. Ang karapatan ng mag-kasuyo na pumasok sa pag-aasawa na may buo at malayang pahintulot.

Huwag kalimutang isangguni sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pp. 48–49 para sa tamang mga sagot. Maaari mong basahin muli ang aralin kung hindi mo naintindihan ang paksa.



## Ibuod Natin

Huwag kalimutan ang mahahalagang paksa ng modyul na ito.

- Ang mga pamilya ay maaaring ang:
  - magkasama ang dalawang magulang; o
  - maaaring ang tatay o nanay lamang ang magulang
- Ang solong magulang ay maaaring:
  - hindi kasal na lalaki o babae;
  - hiwalay; at
  - balo
- Ang mga pansamantalang paghihiwalay, migrasyon, at teknolohiya ay ilang mga suliranin at mga hamon na kinakaharap ng mga pamilya ngayon.
- Ang pansamantalang paghihiwalay ay kalimitang nangyayari dahil sa pangangailangang magtrabaho sa ibang bansa ang isa sa magulang.
- Ang migrasyon ay kalimitan ding bunga ng kagustuhan ng mga magulang na maghanap ng mas magandang lugar na pagtatrabahuhan. Ang migrasyon ay nagdudulot ng suliraning ukol sa kung paano sasabay sa bagong kapaligiran at kultura.
- Napapadali ng teknolohiya ang mga trabaho ng pamilya. Subalit ito ay nakakaapekto sa pamamaraan ng ugnayan at komunikasyon ng mga pamilya.
- Ang mga isyung pandaigdigan na nakakaapekto sa mga pamilya ay ang mga: usaping pangkaligiran, kalusugan at ang nagbabagong papel ng kababaihan.
- Ang mga pamilya ay dapat isabuhay ang pagiging may alam, aktibo at alerto sa mga isyung ito.
- Pinagtitibay ng konstitusyon ang karapatan at responsibidad ng mga pamiya.




## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

1. Ano ang iba’t ibang uri ng mga pamilya? Ipaliwanag.

   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

2. Paano makakaangkop ang mga pamilya sa pansamantalang paghihiwalay?

   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

3. Paano malulunasan ng mga pamilya ang mga negatibong epekto ng teknolohiya?

   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

4. Paano makakatulong ang mga pamilya sa pagtugon sa mga pandaigdigang usapin?

   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 49.

Nakuha mo bang lahat ng tamang sagot?

Kung ang nakuha mo ay:

| | |
|---|---|
| 4 | Tunay na magaling ka! Marami kang natutuhan sa modyul na ito. Maaari ka nang pumunta sa susunod na modyul. |
| 3 | Magaling ka! Subalit balikan mo ang mga araling hindi mo nakuha. |
| 2 – 0 | Basahin mo ulit ang modyul na ito at sigurado akong makakakuha ka ba ng mataas na marka sa susunod. |

## Batayan sa Pagwawasto

### A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pahina 2)*

1. (**M**) Kinikilalang bahagi ng pamilya ang mga batang pinalaki nang mag-isa ng isang solong magulang ay. Ang kanila ay isang pamilya na may solong magulang.
2. (**M**) Hindi nangangahulugan ang pagiging balo na mawawala ang pamilya. Ang ibig sabihin, naiwan ang balo upang alagaan ang mga anak, ang pamilya.
3. (**M**) Ang pansamantalang paghihiwalay, halimbawa, kailangang magtrabahao ng ama sa ibang bansa, na nagdudulot ng suliranin. Ang mga suliraning ito ang kalungkutan hindi lamang sa amang umalis kundi sa pamilyang kanyang naiwan.
4. (**M**) Ang teknolohiya ay maaaring magdulot ng maraming negatibong epekto sa pamilya. Halimbawa, nakakabawas ang telebisyon ng panahon na dapat ilaan sa bawat isa sa pamilya.
5. (**M**) Ang pagiging maybahay ay desisyon ng isang babae na dapat niyang gawin. Walang masama sa pagiging isang maybahay hanggat ito ay opsiyon ng isang babae.
6. (**M**) Ang pamilya ay apektado ng pandaigdigang mga usapin gaya ng AIDS, cancer at iba pa.

### B. Aralin 2

*Subukan Natin Ito (pahina 15)*

1. Ang pamilya ni Mang Jose ay dapat makipag-ugnayang madalas kay Mang Jose upang maging masaya ito. Maipapakita nila ang pagmamahal sa kanya kung madalas sila susulat at tatawag sa kanya.
2. Oo, ang pag-oorganisa ng party para kay Angel ay mabuting hakbang. Ang mga kasapi ng pamilya ng taong nagpunta sa ibang lugar ay dapat pa ring magdiwang ng mga mahahalagang okasyon. Ang pagdiriwang ng kaarawan ni Angel kahit na wala siya sa bansa ay isang paraan ng pagpapakita na patuloy siyang naaalala. Ang pagpapadala ng bithday card o pagtawag sa kanya sa araw ng kanyang kaarawan ay isang paraan din ng pag-alala sa kanya.
3. Si Tony ay makakatulong kung ipaliliwanag niya kung bakit umalis si Diding patungo sa ibang bansa. Dapat niyang ipaliwanag sa anak nilang si Boboy na mahal na mahal siya ng kanyang ina. Ito ang dahilan kung bakit siya nagdesisyon na magtrabaho sa ibang bansa, upang kumita nang mas malaki para pangsuporta sa kanya.

*Magbalik-aral Tayo (pahina 21)*

1. Sa simula ay hindi pumayag ang mga anak nila Rose at Romeo na mandayuhan sa ibang bansa. Ito ang naging problema ng pamilya. Kung mandarayuhan sila, hindi sila sigurado sa mga pagbabagong kakaharapin nila.

2. Ang pamilya ay humarap sa mga suliraning pagbabago nang dumating na sila sa Canada. Halimbawa, naramdaman ni Rose na ang kanilang mga anak ay nagiging makakanluranin (western) na ang halagahan at ugali. Gusto niyang Filipino pa rin ang maging pagpapahalaga ng mga ito. Pangalawa, kailangang makibagay ang pamilya sa ibang pag-uugali at kultura ng mga tao sa Canada.

3. Nalutas nila ang kanilang mga problema ng pinag-usapan nila ito sa pamilya. Nagkaroon ng komunikasyon tungkol sa mga suliranin at mga pagbabago. Isa pa, mayroong positibong pag-uugali nga mga kaspi ng pamilya. Tinulungan din nila ang bawat isa para mababagay sa mga pagbabago.

## C. Aralin 3

*Magbalik-aral Tayo (pp. 40–41)*

1. Ang isang bata ay hindi mapupuwersang magtrabaho sa isang construction site. Ang mga bata ay protektado ng batas sa paggawa ng mabibigat na trabaho. Ito ang pandaigdigang karapatan na ipinagkaloob sa mga kabataan na ipinatutupad ng ating pamahalaan at ng United Nations.

2. Hindi. Ang gobyerno ay hindi makapagdidikta kung gaano kalaki ang pamilya. Kung gagawin ito, magiging kontradiksyon ito sa karapatan ng pamilya na lumahok sa pagpaplano at pagpapatupad ng mga patakaran at programa na nakakaapekto sa kanila.

3. Bukod sa katotohanan na ang matatanda ay bahagi ng ating pamilya, ating alalahanin na ayon sa batas, may tungkulin ang pamilya na alagaan ang matatandang kasapi ng pamilya.

4. Ang Konstitusyon ng Pilipinas ay nagsasaad ng mga karapatan ng bata: ang karapatan sa suporta, kasama ang maayos na pag-aalaga at nutrisyon, natatanging proteksiyon laban sa lahat ng uri ng kapabayaan, abuso, kalupitan, pagsasamantala, at iba pang mga kondisyon na makakasagabal sa kanilang pag-unlad.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 42–43)*

A. 1. Oo, ang mga pamilya sa barangay ng Oranbo ay dapat aktibong lumahok sa seminar na ito. Dapat makialam ang mga pamilya ngayon sa mga usaping pandaigdigan. Isang pandaigdigang usapin na hinaharap ng buong mundo ang AIDS. Ang mga pamilya ay dapat na may alam sa kung paano naapektuhan ang mga tao ng AIDS na nasa iba't ibang bansa at kung ano ang kanilang mga magagawa upang mapalaganap ang kaalaman ukol sa AIDS. Magagawa nila ito sa pamamagitan ng pagdalo sa mga sama-aralan at paghikayat sa iba na dumalo rin. Dapat maging alerto ang mga pamilya sa mga bagong pangyayari ukol sa mga pananaliksik sa AIDS, malaman ang mga bagong paraan upang makaiwas sa sakit, mga bagong tuklas at pangyayari laban sa sakit na AIDS.

2. Maaaring ipakita ng pamilyang Rizal na sinusuportahan nila si Gng. Manalo sa kanyang kampanya. Maaari nilang turuan ang kanilang mga kapitbahay at kaibigan na magkaroon ng kaalaman ukol sa mga kababaihan sa politika. Puwede silang maging aktibong taga-kampanya ni Gng. Manalo.

3. Dapat magkaisa ang mga pamilya sa Sitio Mapuno upang maharap ang mga isyu ukol sa kanilang kaligiran. Puwede silang maging aktibo sa pamamagitan ng pagpoprotesta laban sa pabrika na nagtatapon ng mga basurang nakalalason. Puwede rin silang magpakalat ng kaalaman ukol sa masamang dulot ng mga basura sa ilog. Dapat silang mgaing alerto sa pagpapanatili ng kalinisan ng kanilang kaligiran at pangangalaga ng ilog. Maaari rin silang maging alerto sa mga batas na makapagbibigay proteksiyon sa kanilang ilog. Kung ang mga pamilya sa Sitio Mapuno ay magsasama-sama bilang isang komunidad, magtatagumpay sila sa pagprotekta sa kanilang kaligiran.

B. 1. (**a**) Si Marjorie ay isang Amerikana at Filipino naman si Antonio. Sila ay magkaiba ang kanilang lahi at nasyonalidad. Subalit hindi nakapigil ito sa kanilang pagpapakasal. Mayroon silang karapatang mag-asawa nang walang limitasyon dahil sa kanilang lahi o nasyonalidad.

2. (**e**) Sa pamamagitan ng kanilang malayang desisyon, naging mag-asawa sina Nena at Boyet. Hindi sila pinilit na magpakasal sa isa't isa. Maaari lamang silang pumasok sa pag-aasawa kung sila ay may malaya at buong-buong pahintulot.

3. (**d**) Sa pamamagian ng pagtungo sa family health center upang malaman kung paano magplano ng kanilang pamilya, masayang naisasagawa nina Jose at Luisa ang kanilang karapatang makilahok sa mga pagpaplano at pagpapatupad ng mga patakaran at programa na nakakaapekto sa kanila. Ang pangangalagang pangkalusugan at pagpaplano ng pamilya ay nakakaapekto sa isang pamilya, may karapatang makilahok din dito sina Jose at Luisa.

4. (**c**) Sa pamamagitan ng pag-aalaga kay Lola Minyang, tumutupad ang pamilya sa kanilang tungkulin na alagaan ang mga matatandang kasapi ng pamilya.

5. (**b**) Si Wilma ay nabibigyan ng mga pangunahing pangangailangan ng kanyang mga magulang. Mahal rin siya ng kanyang mga magulang. Siya ay masayang nakikinabang sa kanyang karapatan bilang bata.

## D. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? *(pahina 45)*

1. Maaaring ang mga pamilya binubuo ng panahong mga magulang. Ito ang kalimitang nakikita sa mga pamilyang Filipino. Ang mga pamilya ay maaaring iyong mayroong isang magulang. Tinatawag itong solong pagkamagulang. Ang pagiging solong magulang ay sanhi ng napakaraming mga dahilan. Ang ilan rito ay dahil sa nagkakahiwalay ang mga magulang, hindi kasal na magulang at mga balo.

2. Dapat panatilihin ng pamilya ang pagkakaroon ng komunikasyon sa bawat isa. Ang ibig sabihin nito ay pagsusulatan, pagpapadala ng mga talegrama o pagtatawagan sa telepono. Ang mga magulang na naiwan ay dapat tiyaking naiintindihan ng mga bata ang dahilan kung bakit kailangan ang pansamantalang paghihiwalay.

3. Dapat gamitin ang pamilya ang teknolohiya upang madagdagan ang oras ng pakikipag-ugnayan sa isat isa. Halimbawa, maaaring maging isang magandang gawain ang sama samang panonood ng TV ng buong pamilya.

4. Dapat magkaroon ang pamilya ng kaalaman sa mga pandaigdigang usapin na nakakaapekto sa buong mundo. Dapat silang makilahok sa paglutas ng mga suliranin sa anumang maliit na pamamaraang kayang nilang gawin at dapat palagi silang alerto sa mga bagong pangyayari patungkol sa mga isyung ito.

## Talahuluganan

**Pagpapawalang Bisa (Annulment)** Ang kasal ng dalawang tao ay nawawalang ng bisa sa pamamagitan ng prosesong panlegal

**Pangangalaga (custody)** Ang pagkakaroon ng karapatan na alagaaan ang mga bata

**E-mail o electronic mail** Mga mensaheng ipinapadala at tinatanggap sa pamamagitan ng electronic (gaya ng mga teleponong kunektado sa mga linya at nagdudugtong sa mga terminal o microwave relays)

**Mga pandaigdigang usapin (global issues)** Mga pangyayari at ideang nakakaapekto sa lahat ng tao sa daigdig

**Migrasyon (migration)** Ang paglipat mula sa isang bansa patungo sa ibang bansa

**Solong pagmamagulang (single parenthood)** Isang pamilya na isang magulang lang ang nangangalaga at nagpapalaki sa mga bata

**Solong magulang (single parent)**

## Mga Sanggunian


Bernas, Juaquin J., S.J. *The 1987 Philippine Constitution A Reviewer-Primer Third.*

*Edition*. Quezon City: Rex Printing Company, Inc., July 1997.

United Nations. 1998. *Fiftieth Anninversary of the Universal Declaration of Human Rights*.

<http://www/orglrights/50/decla.htm>. October 28, 2000, date accessed.

Vitug, Jose C. *Family Code (Annotated)* Manila: National Book Store, 1990.

World Health Organization. 2000. *DOTS-Plus for Multi Drug Resistant Tuberculusis (MDRTB).*

<http://www.who.int/gtb/policyrd/DOTSplus.htm>. October 30, 2000, date accessed.

World health Organization. 2000. F-S 104: *Tuberculusis*.<http://www. who.int/inf-fs/en/fact 104.html>.October 30, 2000, date accessed.

World Health Organization. 2000. *Global Tuberculosis Control 2000—Summary.* <http://www.who.int/gtb/publications/globrepOO/summary.html>. October 30, 2000, date accessed.